



Mga Lugar na Kahulihulihang Mapupuntahan

NEIGHBOURHOOD SAFER PLACES - NSP (MGA MAS LIGTAS NA LUGAR SA POOK)

- ay Lugar na Kahulihulihang Mapupuntahan ng mga tao sa oras ng isang bush fire. Ang mga ito ang kahulihulihang mapupuntahan kung ang lahat ng opsiyon sa inyong 'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire) ay hindi maisasagawa.

Mag-download ng isang 'Bush Fire Survival Plan' mula
www.rfs.nsw.gov.au



Ang Lugar na Kahulihulihang Mapupuntahan

- Kung hindi ligtas na lumikas sa pook o manatili at magtanggol ng inyong propyedad, at walang sagabal ang daan, dapat kayong magtungo sa inyong piniling NSP, o sa iba pang mas ligtas na lokasyon, bago dumating ang isang bush fire.
- Alamin na kapag kayo ay bumibiyaha patungo sa inyong NSP, maaaring may makapal na usok at mahirap makakita. Mahalaga na pamilyar kayo sa pook.
- Magtipun-tipun sa lokasyon ng NSP at manatili doon hanggang sa makalampas ang banta ng bush fire.
- Ang mga kondisyon sa NSP ay maaaring hindi komportable at maaari kayong maapektuhan ng usok at alipato.
- Maaaring walang tubig, palikuran, at pagkain sa NSP at baka walang tauhan ng emergency service.
- Ang mga taong may tanging pangangailangan, gaya ng mga matatanda at may kapansanan, ay dapat lumikas bago magbanta ang sunog.
- Ang mga NSP ay hindi para sa mga paboritong hayop at livestock.
- Ang inyong pinakaligtas na opsiyon ay laging ang paglikas nang maaga.



Bago pa magkaroon ng anumang sunog sa inyong pook:

- Alamin ang lokasyon ng mga NSP sa inyong lokal na pook. Tingnan ang www.rfs.nsw.gov.au.
- Itala ang alinmang NSP na malapit sa inyong propyedad sa inyong 'Bush Fire Survival Plan'.
- Laging tandaan na ang mga lugar na ito ay tinukoy bilang **LUGAR NA KAHULIHULIHANG MAPUPUNTAHAN**.
- Kung walang mapupuntahang NSP, dapat ninyong tukuyin ang ibang mas ligtas na lokasyon sa inyong 'Bush Fire Survival Plan'.
- Kabilang sa ibang mas ligtas na lokasyon ang kalapit-bahay na naihandang mabuti, isang sentrong-pamilihan, isang oval atbp. na malayo sa bush.
- Alamin ang pinakaligtas at anumang iba pang daanan patungo sa inyong NSP.

Ang mga 'Neighbourhood Safer Places' ay hindi naggagarantiya ng inyong kaligtasan.

Ang paglikas mula sa mga lugar na maaaring pagsimulan ng isang bush fire ay laging pinakaligtas na opsiyon.



131450

**PREPARE.****ACT.****SURVIVE.****BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737**